Impormasyon na base sa HP ng Japan Pension Service

Pagtanggap ng Pension Lump-sum Withdrawal Payment

Ang mga banyagang nasyonal na pumasok sa public Japanese pension system ay maaaring mag-aplay para sa Pension Lump-Sum Withdrawal Payment sa paglisan sa Japan. Ito ay koleksyon ng FAQs(mga madalas na katanungan) tungkol sa paraan ng aplikasyon para sa lump-sum payment; Umaasa po kami na ito ay makakatulong sa inyo. Para sa mas maraming detalye tungkol sa pamamaraan, mangyaring tingnan ang Japan Pension Service official homepage.

Japan Pension Service: Pag aplay ng Lump-Sum Withdrawal Payment

Magagamit ang 14 wika kabilang ang Ingles, Tsina ,Koreano, Tagalog, Vietnamese, Thai, at Burmese.

Mga Kondisyon

1) Maaari po bang mag-aplay upang makatanggap ng bayad kahit nakauwi na sa bansa nang 1 taon ?

Kung inyong natugunan ang lahat ng mga sumusunod na kakailanganin ①hanggang ④, kung gayon maaari kayong mag-aplay para sa lump-sum withdrawal payment.

1. Wala kang taglay na Japanese nationality
2. Kayo ay nakapasok sa public pension systems nang humugit kumulang sa anim na buwan
3. Wala kayong tirahan sa Japan
4. Kailanman hindi ka nahirang tumanggap ng pensyon (pati disability allowance)

2) Maaari bang makatanggap kung nakabayad ng 3 buwan sa National Pension at 5 buwan naman sa Employee's Pension?

Ang binayaran sa National Pension at Employee's Pension ay hindi maaaring pagsamahin kaya hindi kayo makatatanggap. Ang lump-sum withdrawal payment ay base sa halagang binayaran sa bawat isa nito. Kaya nararapat na magbayad sa alinman dito nang mahigit sa 6 na buwan.

3) Kailan ako maaaring magsumite ng pagkuha o claim?

Maaari kayong mag-file ng claim sa loob ng dalawang taon mula sa petsa na tumigil kayo sa pagtira sa Japan.

Maaaring piliin ang inyong pagsumite ng inyong claim bago lumisan ng Japan. Kung magkaganito, mangyaring mag- submit ng claim form nang personal sa inyong pinaka malapit na pension office pagkatapos na maiskedyul ang inyong pag-alis na nakasaad sa inyong pag-alis na notipikasyon, o ipadala sa koreo para ito ay dumating sa Japan Pension Service pagkatapos na maiskedyul ang petsa ng inyong pag-alis na nakasaad sa inyong notipikasyon. Ang mailing address para sa claim ay pareho nang sa overseas applications.

Paano punan ang claim form

4) Paano Mapapatunayan na walang address sa Japan ?

Ayon sa tuntunin, kung kayo ay nag-submit ng Moving-out Notification sa inyong lokal na munisipalidad na nagsasaad na kayo ay lilipat sa ibang bansa, hindi na ninyo kailangan na mag-submit ng mga karagdagang dokumento.

5) Maaari bang magtalaga ng bank account sa ibang bansa o kaya ay sa Japan para ma remita ito?

- Maaaring i-remit sa bank account sa ibang bansa, subalit bago ito italaga ay alamin muna kung maaaring mag-remit dito ang Japan Pension Service
- Maaaring gamitin ang bank account sa Japan (maliban sa Yucho o kaya ay online banking) subalit alamin rin kung may maaaring gamiting bank account pagkabalik sa sariling bansa.

*Patakaran na kung wala ng balak na bumalik sa Japan pagkauwi sa sariling bansa, kailangang ikansela ang bank account. Hindi man nakasenla, ito ay masususpinde at hindi na magagamit.

6) Ano ang dapat kong isulat sa "Symbol Number ng bawat pension system" na nakatala sa claim form?

Kung kayo ay mayroon lang na isang Basic Pension Number, hindi mo maaaring sulatan ang talaan o entry. Ang talaang ito ay kailangan lamang kung kayo ay mayroong higit sa isang Basic Pension Number, gaya ng kung ang inyong mga numero ng Basic Pension ay hindi pinagsama nang kayo ay nagpalit ng mga trabaho, o kaya nabigyan kayo ng bagong Basic Pension Number nang kayo ay nagpalit ng pangalan dahil sa pagpapakasal.

7) Kailangan ko po bang ilagay ang salaysay ng pagpapatalang public pension? Mayroon po bang paraan upang malaman ang uri ng Sistema ng Pensyon na aking pinagtalaan?

Opo, dapat po ninyong i-fill in ang inyong enrollment history. Sulatan o fill in nang detalyadong impormasyon hangga't maaari sa tamang paraan. Upang matulungan kayo kung anong klase ng pension scheme kayo ay nakapasok, pakitingnan ang mga halimbawa ① hanggang ④ sa ibaba.

① National Pension: mga magsasaka, self-employed, mga estudyante, walang trabaho,atbp.
② Employees' Pension Insurance: mga empleyado ng kompanya
③ Mutual Aid Association: mga naglilingkod sa publiko, public at mga pribadong emplyeado ng paaralan, atbp
④ Seamen's Insurance: mga nagtatrabahong mandaragat (mga Kapitan, mandaragat, reserve seafarers)

Halaga ng benepisyo

8) Sa pitong taon ng aking pagtigil sa Japan, ako ay nagpatala sa Employees' Pension Plan at nagbayad ng insurance premiums. Kung aking hihingin ang Withdrawal Lump-Sum na bayad, tatanggapin ko po ba ang kabuuang halaga ng pitong taon?

Ang kabuuang halaga ng Withdrawal Lump-Sum na bayad ay kalkulado hanggang 60 buwan (5 taon) base sa bilang ng buwan na kayo ay nagpatala sa Japanese pension system. Samakatwid, kahit na kayo ay nagbayad ng 7 taon, tatanggap lamang kayo ng halagang katumbas sa 60 buwan (5 taon).

9) Ako ay tumanggap ng Withdrawal Payment mula sa Employees' Pension, subalit bakit ito mas maliit kaysa sa aking inaasahan?

Ang 20.42% tax ay withheld sa pinagmulan mula sa Pension Lump-Sum Withdrawal sa panahon ng pagbabayad at upang tumanggap ng refund ng withheld tax, dapat mag-file ng tax return sa tax office sa Japan.

Ang mga mayroong tirahan na naka-register sa Japan ay maaaring mag-file ng tax return para sa withheld tax.Para sa kadahilanang ito, kailangan kayong magtalaga ng Tax Agent para sa Income Tax / Consumption Tax bago lumisan ng Japan. Para sa mas maraming impormasyon para sa pagtatalaga ng tax agent, mangyaring i-tsek ang National Tax Agency official homepage.

National Tax Agency: Notification of Tax Agent for Income tax / Consumption Tax (Nihonggo lang po)

Iba pa

10) Muli akong magtatrabaho sa Japan at plano kong magpatala sa public pension system. Nakatanggap ako nang withdrawal payment ilang taon nang nakakaraan, ano po ang mangyayari sa aking bayad mula sa nakaraang 6 na taon?

Kapag kayo ay tumanggap ng Withdrawal Lump-Sum na bayad, lahat ng inyong panahon na partisipasyon sa Japanese pension system sa nakaraan ay magwawakas. Kung kayo ay magsisimula ng bagong trabaho sa Japan at muling magpapatala sa public pension system, ang inyong nakaraang salaysay ang bibilangin mula sa umpisa muli o zero.

TANONG



Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa proseso, maaari kayong magkonsulta sa inyong local pension office. Mayroong mga serbisyong pagsasalin na magagamit sa pension office counter sa 10 mga lenguahe, kasama ang Ingles , Tsina, Tagalog, atbp. Para sa mas maraming impormasyon, mangyaring tingnan ang link sa ibaba.

https://www.nenkin.go.jp/international/interpretation/interpretation_japan.files/02.pdf

*Ingles, Tsina, Koreano, Portuges, Espanyol, Tagalog, Biyetnam, Indonesian, Thai, Nepali (magagamit na petsa at oras ay depende sa lenguahe)